

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy sa Kaantasan ng Pang-uri

Kakayahan: Naitutukoy ang kaantasan ng pang-uri sa pangungusap

Isulat sa patlang ang kaantasan ng pang-uri na may salungguhit. Gamitin ang titik L kung ang kaantasan ng pang-uri ay **lantay**, PH kung ito ay **pahambing**, o PS kung ito ay **pasukdol**.

- _____ 1. Huwag kang lumapit sa mabangis na hayop sa kulungan.
- _____ 2. Napakalakas ng palakpak ng mga tagapanood ng *cheerdance*.
- _____ 3. Simbilis ng hangin ang pagkalat ng tsismis sa bayan namin.
- _____ 4. Ang manggagawa ay pagod na pagod dahil sa walang tigil na pagtatrabaho.
- _____ 5. Ang mabubuting asal at pagpapahalaga ay dapat ipakita natin sa mga kabataan.
- _____ 6. Di-masyadong maanghang ang laing na ito kung ihahambing sa laing na luto ni Ate Rosita.
- _____ 7. Sinong bayani ang mas dakila para sa iyo, si Rizal o si Bonifacio?
- _____ 8. Natutuhan namin ang wastong pagbigkas ng mga salita.
- _____ 9. Mukhang antok pa ang bata kaya hayaan mo na matulog muna siya sa sopa.
- _____ 10. Ang suliranin ni Ben ay lubhang masalimuot kaysa suliranin ni Mario.
- _____ 11. Sa Tsina matatagpuan ang pinakamahabang tulay na dinadaan ng tren.
- _____ 12. Ang talento sa pagsayaw ng pangkat na A-Team ay kahanga-hanga.
- _____ 13. Di-hamak na malaki ang kuwarto ni Denise kaysa sala namin.
- _____ 14. Gaholen ang batong itinanggal ng duktore mula sa kidney ni Romy.
- _____ 15. Magsimbigat ang mga sakong karga ng dalawang magsasaka.

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy sa Kaantasan ng Pang-uri (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy ang kaantasan ng pang-uri sa pangungusap

Isulat sa patlang ang kaantasan ng pang-uri na may salungguhit. Gamitin ang titik L kung ang kaantasan ng pang-uri ay **lantay**, PH kung ito ay **pahambing**, o PS kung ito ay **pasukdol**.

- L 1. Huwag kang lumapit sa mabangis na hayop sa kulungan.
- PS 2. Napakalakas ng palakpak ng mga tagapanood ng *cheerdance*.
- PH 3. Simbilis ng hangin ang pagkalat ng tsismis sa bayan namin.
- PS 4. Ang manggagawa ay pagod na pagod dahil sa walang tigil na pagtatrabaho.
- L 5. Ang mabubuting asal at pagpapahalaga ay dapat ipakita natin sa mga kabataan.
- PH 6. Di-masyadong maanghang ang laing na ito kung ihahambing sa laing na luto ni Ate Rosita.
- PH 7. Sinong bayani ang mas dakila para sa iyo, si Rizal o si Bonifacio?
- L 8. Natutuhan namin ang wastong pagbigkas ng mga salita.
- L 9. Mukhang antok pa ang bata kaya hayaan mo na matulog muna siya sa sopa.
- PH 10. Ang suliranin ni Ben ay lubhang masalimuot kaysa suliranin ni Mario.
- PS 11. Sa Tsina matatagpuan ang pinakamahabang tulay na dinadaan ng tren.
- L 12. Ang talento sa pagsayaw ng pangkat na A-Team ay kahanga-hanga.
- PH 13. Di-hamak na malaki ang kuwarto ni Denise kaysa sala namin.
- PH 14. Gaholen ang batong itinanggal ng duktore mula sa kidney ni Romy.
- PH 15. Magsimbigat ang mga sakong karga ng dalawang magsasaka.